
# Bakuna sa COVID-19 at Pagbubuntis

## Ang mga bakuna sa COVID-19 ay ligtas na paraan na protektahan ka at ang iyong sanggol.



### Ang mga nagdadalang tao na nahawaan ng COVID-19 ay may mataas na panganib para sa malubhang sakit kaysa  sa mga tao na hindi buntis.

Ang mga komplikasyon dahil sa COVID-19 sa panahon ng pagbubunntis ay maaaring magdulot ng:

- ospitalisasyon
- isyu sa paghinga na kinakailangn ng ventilator
- mataas na presyon ng dugo
- sakit sa pagdurugo
- pretern na panganganak
- patay na kapanganakan
- kamatayan

### Protektahan ang iyong sarili at ang namuuong sanggol laban sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagpapabakuna at booster

Ang pinakamabuting paraan na protektahah laban sa COVID-19 ay pananatiling kumpleto sa mga bakuna sa COVID-19 at mga booster kung karapat-dapat. Ang mga bakuna sa COVID-19 ay maaaring magpapababa ng tiyansa ng pagkakasakit o pangangailangan na maospital mula sa COVID-19. Kaya rinerekomenda ng bawat pangunahing organisasyon sa maternal na kalusugan.

Ang mga bakuna ay ligtas sa lahat ng taltong trimesters, at ito ay LIBRE.

Kausapin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan upang talakayin kung alin sa mga bakuna at booster ng COVID-19 ang pinakamabuti para sa iyo.

### Karagdagang impormasyon tungkol sa COVID-19 na bakuna at pagbubuntis

- Ang mga bakuna ay nagbibigay sa iyo ng antibodies, na nagtuturo sa iyong katawan kung paano lumaban sa COVID-19.
- Ang mga napabakunahan na mga tao ay nagpapasa ng antibodies sa kanilang namumuong sanggol sa kanilang sinapupunan, kaya ang sanggol ay napapanganak na may proteksyon mula sa unang araw.
- Milyong mga nagdadalang mga tao ay ligtas na napabakunahan laban sa COVID-19.
- Ang mga side effects ay normal. Maari kang makaranas ng sakit sa katawan, panlalamig, at pagkapagod. Makipag-ugnay sa tagapagkaloob ng pangangalaga sa kalusugan kung ikaw ay may mga katanungan o pag-alala sa mga side effects o kung ikaw ay may lagnat.
- Bumisita sa MyTurn.ca.gov upang magpaiskedyul ng appointment sa bakuna o tumawag sa tagapagkaloob ng pangangalga sa kalusugan

**Bumisita sa dokumento na ito sa website ng CDPH**

COVID-19-Vaccine-and-Pregnancy • Tagalog • August, 2022 • © 2022, California Department of Public Health